American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN :2378-703X
Volume-5, Issue-7, pp-162-172
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# 한국드라마 Hangug Deulama: Pagdalumat sa Kontekstong Kultural ng mga Piling Koreanong Palabas Na Kinahihiligan ng mga Filipino

Gilbert C. Galit, Edrian A. Pangilinan & Ryan C. Panis
*College of Arts & Sciences, Leyte Normal University, Philippines*

**ABSTRACT:** *Culture can be considered the soul of a nation. It serves as a launching pad for identity information of citizens living in a country. Culture encompasses the beliefs, customs, lifestyles, arts, languages, traditions, superstitions, and even the habits of the people. This research aimed to see some cultures from other race (particularly Korean) that are similar to the culture of the Filipino people that can be observed from some Korean Drama series. This attempts to understand why Filipinos are attracted to KDrama. This research employed a descriptive-qualitative method using content analysis to elicit various factors and similarities of Korean cultures in Filipino culture from the three KDrama: Endless Love: Autumn in My Heart, Full House, and Descendants of the Sun. A thematic analysis was used to organize and interpret the data obtained from the content analysis. Based on the analysis conducted, it appears that the theme, fashion, and music of KDrama by the Koreans have a big factor in the Filipinos' attraction to KDrama. Researchers also found that some of the Korean cultures such as superstitions, beliefs, traditions and customs are similar to the Filipino culture. Based on the data obtained, it is therefore concluded that KDramas contain relatable cultural factors that may be the reason why KDrama is fully accepted, loved, and enjoyed in the Philippines. Researchers therefore recommend to use KDrama in academic discussions through meaningful cultural exploration by combining multicultural orientation in order for the present generation to have greater knowledge and appreciation about cultures.*

***Keywords:*** *Hangug Deulama, KDrama, kultura, pagdalumat, tema*

**Abstrak sa Filipino:** *Ang kultura ay maituturing na kaluluwa ng isang bansa. Ito ang nagsisilbing lunsaran ng impormasyon ng pagkakakilanlan ng mga mamamayang naninirahan sa isang bansa. Sinasaklaw ng kultura ang mga paniniwala, kaugalian, kustom, pamumuhay, sining, wika, tradisyon, pamahiin, at maging ang gawi ng mga tao. Makikita sa pananaliksik na ito ang ilang mga kulturang mula sa ibang lahi (particular sa Korea) na may kahalintulad sa kultura ng mga Filipino. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong malaman mga kulturang Koreano na may kahalintulad sa kulturang Filipino na mapapanood mula sa mga palabas ng mga Koreano na siyang nagiging dahilan ng pagkahumaling ng mga Filipino sa KDrama. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng deskriptibong-kwalitatibong pamaraan gamit ang content analysis upang mapalitaw ang iba't ibang salik at mga kahalintulad na mga kulturang Koreano sa kulturang Filipino mula sa tatlong KDrama – Endless Love: Autumn in My Heart, Full House, at Descendants of the Sun. Ginamit ng mananliksik ang thematic analysis para organisahin at bigyang pagpapakahulugan ang mga datos na nakuha mula sa pagsusuri sa nilalaman. Batay sa ginawang pagsusuri ng mga mananaliksik, lumitaw na may malaking salik sa mga Filipino ang tema, moda, at musika ng KDrama ng mga Koreano sa pagkahumaling ng mga Filipino sa KDrama. Lumutang din sa pagsusuri ng mga mananaliksik na ang ilan sa mga kultura ng mga Koreano gaya ng pamahiin, paniniwala, tradisyon at kaugalian ay kahalintulad sa kultura ng mga Filipino. Batay sa mga datos na nakuha, nahinuha ng mga mananaliksik na ang mga KDrama ay naglalaman ng mga salik-kultural na siyang maaaring dahilan kung bakit lubusang tinanggap, minahal, at tinangkilik ang KDrama. Kung kaya't inererekomenda ng mga mananaliksik na gawing kapaki-pakinabang at makabuluhan ang panonood ng mga Koreanong palabas o KDrama sa pamamagitan ng paggamit nito sa mga akademikong pagsasanib ng multikultural na oryentasyon upang magkaroon ng mas malawak na kaalaman at pagpapahalaga tungkol sa mga kulturang mapapanood sa mga tinatangkilik na KDrama at hindi upang tuluyang talikuran o kalimutan ang sariling kulturang kinamulatan.*

***Mga Susing Salita:*** *Hangug Deulama, KDrama, kultura, pagdalumat, tema*

## I. INTRODUKSIYON

Ang Filipinas ay tanyag sa pagkakaroon ng napakayaman at napakakulay na kultura, na kung saan ang kulturang ito ang nagsisilbing pagkakakilanlan ng pagka-Filipino. Mayaman sa kasaysayan ang bansang Filipinas kung kaya't hindi nakapagtatakang magkaroon ito ng mayamang kultura. Kultura ang siyang nagsisilbing kaluluwa ng isang bansa sapagkat ito ang daluyan ng lahat ng impormasyon magmula sa ating kasaysayan, pamumuhay, paniniwala, sining, panitikan, wika, kaugalian, at maging ng mga tradisyon. Ayon pa kay Brian Carlo (2018), sa isang lipunan o kumunidad, tumutulong ang kultura sa pagbibigay ng katuwiran

kung ano nga ba ang kaibahan ng tama sa mali, at mabuti sa masama. Ang kultura ay nagsisilbi ring pagkakakilanlan ng isang lugar. Nabubuo ang kultura upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga indibiduwal sa isang partikular na lugar.

Ngunit nakalulungkot isipin na sa pagdaan ng mga panahon ay kasabay ring napag-iiwanan at nalilimutan ng mga Filipino, lalo na ng mga kabataan sa henerasyong ito ang napakaganda at napakakulay na kultura ng Filipinas. Ayon pa nga kay Lim (2014), unti-unti nang namamatay ang kultura ng bansang Filipinas. Ang kabataan sa kasalukuyang panahon ay wala ng pagpapahalaga para sa mga produkto at gawaing Filipino. Ang sinasabing*colonial mentality* o ang kaugaliang pumapabor sa paggamit ng mga bagay na gawa ng mga dayuhan ay nagiging kanser na sa lipunan.

Sa paglipas ng panahon, kasabay ng maraming pagbabagong nagaganap sa mundo, mga pagbabagong hindi maiiwasan ng kahit na sino man. Ang mga kulturang nakasanayan ay unti-unting nagbabago at naglalaho dahil sa pagkakaroon ng iba't ibang kaisipan at paniniwala ng mga tao. Katulad na lamang ng pag-unlad ng agham at teknolohiya sa bansa, pag-usbong ng mga makabagong kagamitan na produkto ng teknolohiya katulad ng *cellphone* o *smartphones, laptops,* kompyuter at ng *internet* na kung saan ay may napakalaking impak sa gawi at pamumuhay ng mga Filipino lalong-lalo na sa mga kabataan sa kasalukuyang henerasyon.

Dagdag pa ni Cabato (2016), malaki ang ginagampanan ng teknolohiya sa paghabi ng kultura, lalo na sa kabataan. Ang kulturang popular ay nakabatay sa pagdisimina ng iba't ibang bagay gamit ang isang midyum. Hindi maikakaila na ang *internet* ay isang penomena na naging kaakibat ng isang makabagong kultura. Hindi siguro akalain ni Tim Burners-Lee kung gaano kalaki ang kanyang magiging kontribusyon sa pandaigdigang lipunan noong naimbento niya ang *World Wide Web*. Labindalawang taon na ang nakakaraan at marami ng sistema ang napalaganap sa Internet, iba't ibang nakakagawian ng kabataan ngayon. Wala na ang mga araw na kung saan sila'y maghapong nakatutok sa telebisyon o nagsisitambayan sa kalsada. Nabawasan na rin ang kanilang paggagala kung saan-saan at dumadalas ang pagkukulong sa kuwarto.

Talagang nakababahala ang ganitong mga pangyayaring nagaganap sa mga kabataang Filipino sa henerasyong ito. Ngunit, ang isa pang lubos na nakababahala ay ang patuloy na pagkahumaling ng mga Filipino ngayon sa kultura ng ibang lahi partikular sa mga programang pantelebisyon na produkto ng ibang bansa at ang mga gumaganap na aktor ay banyaga.

Taong 2003 nang sumibol ang pagpapalabas ng mga Asianovelas o mga teleseryeng nagmula sa Taiwan, South Korea, China at Japan. Ngunit sa lahat ng mga ito ay ang KDrama (Korean Dramas) o mga teleseryeng mula sa South Korea ang patuloy na namamamayagpag at tinatangkilik ng mga Filipino magpasahanggang ngayon (Mina, 2017).

Ang mga telenovelas o mga *soap operas* ay naging isang napakalaking *hit* sa bansa sa panahon ng '90s ng mga malalaking *entertainment network* na nagpakilala ng mga sikat na Mexican telenovelas na "Marimar" at "Betty La Fea" na nakuha ang puso ng maraming Filipino. Ngunit noong 2003, nakita sa telebisyon sa Filipinas ang isang makabuluhang pagbabago ng pokus sa serye at palabas mula sa ibang bansa na mas malapit sa Filipinas tulad ng Taiwan at South Korea. Samakatuwid, ang "Asianovelas" o *Asian soap operas* ay ipinakilala, simula sa *hit* Taiwanese drama series na "Meteor Garden" na ipinalabas noong Mayo 2003. Sa parehong taon, ang pagtaas ng "Hallyu o Korean Wave" ay kinuha rin ang bansa na parang bagyo. Simula noon, ang *Asianovela craze* ay lumalaki at naging popular lalo na sa pagpapakilala ng Korean dramas sa Philippine TV (Fabular, 2018).

Binigyang-diin sa pag-aaral ni Portillo (2018) na ang paglaganap ng mga adaptasyong teleserye at pelikula sa Aysa partikular na sa Filipinas ay nagdulot ng positibo at negatibong epekto sa mga Filipino. Una, ang positibong epekto ay lumalawak ang kaalaman ng mga Filipino sa kultura at iba pang tradisyon ng iba't ibang bansa. Dito rin nalalaman ng mga Filipino ang pagkakapareho at pagkakaibaiba ng tradisyon, kultura, at pamahiin at ng iba pang bansa. Natututo rin ang mga Filipino na linangin ang kaalaman sa paggawa ng isang pelikula o teleserye. Habang sa negatibo naman ay tinatangkilik na ng mga Filipino ang mga pelikula at teleserye na nanggaling sa ibang bansa kaya naman hindi na nasusuportahan ang sariling gawa at dito rin bumagsak ang mga pelikulang ginagawa ng mga Filipino. Hindi na rin alam ng mga Filipino lalong-lalo na ang mga kabataan sa henerasyong ito ang sariling kultura't tradisyon sapagkat nakapokus lamang sa panonood ng mga adaptasyong teleserye at pelikula.

Totoo ngang nakababahala, patunay na rito ang maraming Filipino na kasalukuyang patuloy na nahuhumaling sa mga palabas na mula sa South Korea, mapabata man o matanda ay talaga namang mas sinusubaybayan pa itong panoorin kaysa sa mga lokal na palabas dito sa Filipinas.Ayon pa kay Forrester (2005) at Wang (2006), ang mga istorya ay simple ngunit iba-iba. Sa kabila nito'y may mga pagkakatulad din sa mga kuwento ang mga drama. Karaniwang umiikot ang kwento sa isang babae na mapagtagumpayan ang maraming pagsubok na darating sa buhay nito. Sa madaling salita, *universal* ang tema. Kasama rin madalas sa mga drama ang kasaysayan ng Korea kung kaya naman ang mga lokasyon at *costume* ay kinagigiliwan din ng mga manonood.

Marami pang tema na makikita sa Korean drama ang dahilan kung bakit patuloy ang pagkahumaling ng mga Filipino dito. Ayon kay Cervantes (2006), sa mga Koreanong palabas ay mapapansin ang pagpapahalaga sa pamilya. Dagdag pa ni Fabular (2018), ang karamihan sa mga Korean drama ay naglalaman ng mga *family-friendly* na mga tema na karaniwan na nakasanayan ng mga Filipino. Ang romansa, pagkakaibigan, relasyon sa pamilya at kasaysayan ay ilan sa mga tema na maraming Korean dramas ang inilalarawan at ang mga ito ay parehong mga halaga at kaugalian o tradisyon na pinahahalagahan din ng mga Filipino. Kabilang sa iba pang kadahilanan ang *storyline*, na hindi madaling hulaan at ang balangkas ng drama ay nakatuon sa isang mabilis na tulin. Ang mga madaling hulaan na balangkas at wakas ay hindi rin nire-recycle o paulit-ulit. Bukod sa bagong *storylines* at magandang *cinematography*, ang KDrama ay nakuha ang pansin ng mga Filipino sa lahat ng edad. Bagaman karaniwan sa serye ng telebisyon ang Filipino upang mag-apela sa masa, ang mga KDrama ay tinatangkilik ng mga kabataan, may edad at kahit mga matatanda. Ang "kilig" faktor ay naging isang mahalagang elemento sa maraming KDrama at hindi naman binabanggit ang "eye-candy" *cast* tulad ng mga kilalang aktor ng KDrama na si Lee Min-ho, Song Hye-kyo, Kim Soo-hyun, Song Joong-ki, Gong Yoo, Park Shin-hye, Kim Woo-bin, Ha Ji-won, Jun Ji-Hyun at Jo In-sung.

Sa kabilang dako, ayon sa isang artikulo na inilathala sa The Freeman (2016), maraming mga magulang ang komportable rin sa KDrama dahil kadalasan ay "ligtas para sa kanilang mga anak na panoorin." Karamihan sa mga KDrama ay Rated-G (General Patronage o para sa pangkalahatang madla) na may mas kaunting konsentrasyon sa karahasan o napakaraming wika ay hindi katulad ng maraming mga drama at serye mula sa kanluran.

Ayon pa nga sa ginawang panayam ng Philippine News Agency (nd) kay Korean Cultural Center in the Philippines (KCC) Director Lee Jincheol; Arayata (2018):

"*What is distinct about Korean culture is its candidness, which can be seen in KDramas". He emphasized that KDramas do not just feature the region or tourist attractions. "They (KDramas) don't exaggerate. They are not exclusive or patriotic," he remarked. Lee said "KDramas always deal with the everyday lives of ordinary people, so the viewers could relate.*

Ito ang naging pahayag ni *Korean Cultural Center in the Philippines* (KCC) Director Lee Jincheol kung bakit mabilis na tinanggap ng mga Filipino ang kulturang Koreano. Binanggit rin niya sa pahayag na dahil na rin sa hilig nating mga Filipino sa mga istoryang may tema tungkol sa romansa ay talaga namang nahuli ng KDrama ang kiliti ng mga Filipino sa panonood sa mga palabas na ito.

Kung kaya't ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang dalumatin ang mas malalim na dahilan ng pagkahumaling ng Filipino sa KDrama na maaaring makita sa ugnayang kultural ng dalawang bansa. Ang pagsusuring kultural na ito ay panimulang hakbang upang mas higit na maunawaan ang rasyonal ng patuloy na paglawak at patuloy na tagumpay ng mga koreanong palabas sa Filipinas. Gayon din, maging lunsaran ang mga KDrama sa akademikong pagtalakay sa mga usaping kultural ng bansa upang mas mapalalim ang kamalayan ng kabataang Filipino sa pagpapahalaga ng sariling kultura.

## Saligang Teoretikal

Ang pananaliksik na ito na may paksang *한국드라마 Hangug Deulama: Pagdalumat sa Kontekstong Kultural ng mga Piling Koreanong Palabas na Kinahihiligan ng mga Filipino*ay nakaangkla sa ilang mga teorya o ideya na naging batayan ng pag-aaral.

Ang una ay Media Dependency Theory. Ayon sa teoryang ito ni Sandra Ball-Rokeach at Melvin Defleur (1976) habang dumedepende ang tao sa *media* upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan mas nagiging dominante ang media sa buhay ng tao na siyang nagiging pangunahing dahilan upang maimpluwensyahan ang kanilang pamamaraan ng pamumuhay. Binibigyang-diin na ang tao ay nagkakaroon ng mahalagang relasyon o koneksyon sa pagitan ng media. Sinasabing umaasa ang tao sa media sa kadahilanang napupunuan nito ang mga pangangailangan, kagustuhan at pansariling layunin nito na hindi nakakamit sa ano pa mang bagay. Dulot naman ng matinding paggamit ay nagreresulta ito sa matinding pangangailangan sa puntong naaapektuhan na rin nito ang personal at kultural na aspeto. Sa ginawang pag-aaral ni Straubhaar (2007) tungkol sa *Dependency of Third world Media*, lumabas na ang mga maliit na bansa ay may limitadong merkado kung kaya't hindi nito masuportahan ang sarili niya. Ginawa niyang halimbawa ang Belgium at The Netherlands na European *countries*. Hindi sapat ang *resources* nito para makapagprodyus ng buong iskedyul ng *multiple channels*. Kung kaya't nagiging dahilan ito ng mga industrilisadong bansa na mapasok ang mahihinang bansa. Gamit lamang ang *media* ay napapasok na ng ibang bansa ang iba't ibang aspetong pambansa.

Nailalapat ang punto ng teorya sa pag-aaral dahil naipapakita nito ang proseso ng paggamit ng kabataang Filipinong tagahanga sa *media* upang malaman ang KDRAMAS at kung papaano nagiging *dependent* sa *media* ang mga kabataan. Halimbawa na lamang sa panahong ito na laganap na ang teknolohiya sa buong mundo, hindi na nakapagtataka sa kabataan na maka-*access* ng mga impormasyon sa *internet* upang makita at/o mapanood ang kanilang mga kagigiliwang palabas mula sa ibang bansa lalo na sa bansang South Korea.


Masasabing napakalaki ng ambag ng *internet* upang magkaroon ang mga Filipino ng *access* sa iba't ibang *social media* na nakapagdulot ng malaking epekto sa pananaw ng ilang mga Filipino sa kasalukuyang henerasyon tungkol sa kinamulatang kultura.

Ang Cultural Proximity Theory. Isinasaad ng teoryang ito na ang mga tagapanood o *audience* ay nakahahanap ng pagkakatulad sa kung ano ang napapanood nila. Isa sa mahalagang tinitingnan ay ang lingguwahe o wika na ginagamit. Ngunit ayon kay Straubhaar na nabanggit sa pag-aral ni Agbayani et al. (2015) "…*they go beyond language to include history, religion, ethnicity (in some cases) and culture in several senses: shared identity, gestures and nonverbal communication; what is considered funny or serious or even sacred; clothing styles; living patterns; climate influences and other relationships with the environment*." Sa sinabing ito ni Straubhaar, binigyang-diin niya na hindi lamang wika ang tinitingnan o napapansin ng mga manonood. Maging ang kultura at paraan ng pagkilos ay nagbibigay-aliw sa mga taong nanonood. Naiimpluwensiyahan din nito ang pamamaraan ng pamumuhay, pananamit, at paraan ng pag-iisip ng mga tao.

Naiaangkla ang teroyang ito sa pag-aaral sapagkat isa sa mga layunin ng mga mananaliksik ay matukoy ang mga kahalintulad na kulturang Filipino na nakapaloob sa Korean drama. Napagtanto ng mga mananaliksik na mayroong kinalaman ang kultura kung bakit ang mga Filipino ay madaling mahumaling at/o yakapin ang kultura ng ibang lahi. Nakikita nila o nasasalamin ang ilang kulturang banyaga sa kulturang mayroon sila. Halimbawa ay nasa kultura ng mga Koreano ang magbigay ng mataas na respeto o paggalang sa mga nakatatanda na kung saan yumuyuko ang mga Koreano kapag sila ay may nakakasalubong na nakatatanda sa kanila (Notedfiles.com, 2014).Ang ganitong kultura ay likas din sa mga Filipino na may mataas napaggalang sa mga nakatatanda at naipapakita sa pamamagitan ng pagmamano.

Ang panghuli ay ang Intercultural Transformation. Ayon sa pagpapakahulugan ngEncyclopedia of the Science of Learning (2012) sa teoryang ito, nag-*aadjust* ang mga tao sa pagbabago ng kultura kung saan lumalawak ang mga pananaw ng tao, at natututo sila ng panibagong kaalaman at pagkilos. Nagkakaroon ng malakihang pagbabago sa kanilang personalidad at nagkakaroon ng maraming pagpipilian. Mahihinuha sa sinabi ni Kim na kung lantad ang tao sa iba't ibang kultura ay maaari na nitong mabago ang tao. Sa pamamagitan lamang ng *media* at komunikasyon ay napakadali na lang na maisagawa. Dagdag pa, makapangyarihang paraan ito upang mapalaganap ang kultura ng bawat isa. Nagagamit ang ideya na ito sa pag-aaral dahil naipapakita nito kung ano ang epekto ng KDrama sa kasalukuyang henerasyon.Halimbawa na lamang sa kasalukuyan, hindi maitatangging karamihan sa mga nakagawiang tradisyon ng mga Filipino ay impluwensya lamang mula sa mga kultura ng mga mananakop sa/ng bansang Filipinas. Ilan na lamang sa halimbawa nito ay ang pagdiriwang ng mga Filipino ng *fiesta* na nakasulat sa kasaysayan na minana lamang ng mga Filipino mula pa sa mga dating mananakop na Espanyol.

Napakahalaga ng mga teroyang nabanggit para sa mga mananaliksik upang mabuo at maisakatuparan ang pananaliksik na ito. Malaki ang ginagampanan ng mga nasabing teorya upang mailahad nang maayos ng mga mananaliksik upang maitatag ang saligan ng pag-aaral sa pagtukoy sa labis na pagkahumaling ng mga Filipino sa sa mga Korean drama. Naging konkreto ang ideya ng mga mananaliksik sa nasabing suliranin dahil nagsilbing gabay ang mga nabanggit na teroya upang magkaroon ng malawak na perspektibo ang mga mananaliksik tungkol sa suliranin. Sa Figyur 1 ipinakikita ang balangkas at ugnayan ng mga teorya sa iba pang baryabol ng pag-aaral at ang inaasahang produkto nito.




*Figyur 1. Balangkas ng Pag-aaral*

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang malaman ang mga kadahilanan kung bakit patuloy na nahuhumaling ang mga Filipino sa KDrama. Sa pag-aaral na ito ay nasasagot ang tanong na: Ano-ano ang mga kulturang Koreano na ipinakikita sa mga piling Korean Drama na makikita sa kulturang Filipino?

## II. METODOLOHIYA

Ang pamamaraang ginamit sa pag-aaral na ito ay deskriptiv-kwalitativ na nasa anyong pagsusuri sa nilalaman o *content analysis* upang mabigyan ng kahulugan at malalimang pagsusuri ang iba't ibang kulturang Filipino na nakapaloob sa mga Koreanong palabas o mas kilala bilang KDrama (*Korean Drama*). Nilalayon din nito na malaman o matukoy kung ano-anong mga kulturang Filipino ang nakapaloob sa mga piling KDrama na maaaring dahilan kung bakit lubos ang pagkahumaling ng mga Filipino rito. Binigyang-katibayan ang pananaliksik na ito sa tulong ng mga literatura at pag-aaral na nakalap ng mananaliksik. Nakaangkla rin ang pag-aaral na ito sa iba't ibang teoryang pampanitikan na sinuri sa bawat KDrama (*Korean Drama*).

Binigyang pokus sa pag-aaral na ito ang pagsusuri sa tatlo sa pinakamatagumpay at popular na KDrama ng Korea. Ang mga *Korean Drama* o KDrama na hango o kinuha sa iba't ibang *website* kung saan ay malayang mada-download ang mga ito. Ang mga KDramang ito ay pinili ayon sa mensahe, tema, pagpapahalaga na matutuhan, popularidad ng mga nasabing piling KDrama sa mga Filipino, antas nang *ratings* na nakamit sa kasagsagan ng pagpapalabas ng mga adaptasyon nito sa mga lokal na istayon ng telebisyon sa bansa at mga pagkilalang natanggap. Ang mga KDramang pinili ay ang*Full House, Endlesslove: Autumn in My Heart*, at *Descendants of the Sun*.

Gumawa ang mga mananaliksik ng deskriptibong talahanayan na magsisilbing gabay ng mananaliksik sa pagsusuri ng mga nabanggit na piling KDrama. Ginamit ng mananaliksik ang paraang *thematic analysis* upang organisahin at bigyang-pagpapakahulugan ang mga natukoy na datos bilang tugon sa layunin ng pag-aaral. Pagkatapos ay pumili ang mga mananaliksik ng mga tagatugon (validator) na siyang magpapatunay o magtataya sa kapaniwalaan at katotohanan ng pagsusuri ng mga mananaliksik. Gamit ang *purposive sampling* pinili ang tatlong tagasuri sa nasabing larangan ng pagsusuri. Ang tatlong (3) napiling tagatugon ay maituturing na mga dalubhasa sa panitikan at may kasanayan sa pag-aaral at pagsusuri ng pelikula na magiging tagatugon sa pag-aaral na ito. Bukod dito, ang tatlong (3) tagatugon ay pinili ayon sa kanilang karanasan sa pagtuturo ng panitikan, kwalipikasyon, kakayahan at oras na maigugol sa panonood ng bawat pelikula at pagsagot sa mga katanungan ayon sa mga suliranin o layunin sa pag-aaral nito.

## III. RESULTA AT DISKUSYON

Inilalahad sa bahaging ito ang interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa Pagsusuring Kultural sa mga Piling Koreanong Palabas na Kinahihiligan ng mga Filipino. Tatlo ang napagpasyahang suriin ng mga mananaliksik. Ang mga Koreanong palabas na napiling suriin ng mga mananaliksik ay ang *Endless Love: Autumn in My Heart*, *Full House*, at *Descendants of the Sun*.

**TALAHANAYAN I**

Kulturang Koreano na makikita sa kulturanng Filipino

| **MGA KULTURA** | **MGA KOREAN DRAMA** | | |
|---|---|---|---|
| | **Endless Love: Autumn in My Heart** | **Full House** | **Descendants of the Sun** |
| | **MATERYAL** | | |
| Kasangkapan | Paggamit ng palayok sa pagluluto. | | |
| Pagkain | Pagkain ng kanin<br><br>Pagluluto at pagkain ng inihaw na baboy o *barbecue*<br><br>Pagluluto ng lugaw para sa may sakit.<br><br>Mga binurong pagkain gaya ng binurong hipon na maliliit na kahalintulad ng hipon alamang sa Filipinas. | Pagkain ng kanin<br><br>Pagluluto at pagkain ng inihaw na baboy o *barbecue*<br><br>Pagluluto ng lugaw para sa may sakit. | Pagkain ng kanin<br><br>Pagluluto at pagkain ng inihaw na baboy o *barbecue*<br><br>*Samgyetang (Korean/Chinese) Ginseng Chicken Soup* okatumbas nito ang tinola sa mga Filipino. |
| Kaugalian | **DI-MATERYAL** | | |
| | Ang ama ay mahigpit sa kanyang anak na babae.<br><br>Ginagawang pambayad utang ang anak na babae.<br><br>Paglalaro ng "Bato, Gunting at Papel" o "Jack 'em Poy"<br><br>Pagbibigay ng lalaki ng regalo sa babaeng nililigawan, tulad ng kwentas, bulaklak, at matatamis na pagkain gaya ng tsokolate. | Pagdadala ng pasalubong kapag bibisita sa mga biyenan.<br><br>Pagbibigay ng lalaki ng regalo sa babaeng nililigawan, tulad ng kwentas, bulaklak, at matatamis na pagkain gaya ng tsokolate.<br><br>Pangungutang ng pera.<br><br>Pagtanaw ng utang na loob. | Pagbibigay tulong sa isang tao kahit hindi kilala.<br><br>Panlilibre o pagpapakain sa mga kaibigan at katrabaho kapag nakakatanggap ng *promotion* o parangal.<br><br>Pagtanaw ng utang na loob.<br><br>Pagkakaroon ng salo-salo sa pagitan ng magkakatrabaho kapag may okasyon.<br><br>Pagkakaroon ng inuman kapag may okasyon o kaya'y may problema ang isang kaibigan.<br><br>Ipinagmamalaki ang mga likha o gawa ng isang kababayan.<br><br>Pakikipagkamay sa bagong kakilala o kaibigan.<br><br>Pagsasaalang-alang ng sariling kaligtasan o kapakanan para sa kaligtasan ng iba.<br><br>Pagkakaroon ng padespedida kapag may isang kasamahan sa trabaho ang aalis na.<br><br>Paggamit sa kapangyarihan o estado sa buhay upang makuha o makamit ang ninanais. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | Pagsasambit ng mga *pick-up lines* (Babae: Sabi raw nila magaling ka raw mag-ayos ng mga bagay?<br>Lalaki: Totoo yun magaling ako sa paggamot at pag-aayos ng mga bagay, pero may isang bagay na hindi ko kayang ayusin – ang puso ng isang babae.")<br><br>Binanggit sa KDramang ito na mayroon daw silang kaugalian na bawal magsama ang isang babbe at lalaki na wala naman daw namamagitang relasyon sa dalawa.<br><br>Pakikipagpustahan<br><br>Ang ama ay mahigpit sa kanyang anak na babae.<br><br>Pagsisinungaling para sa kapakanan ng iba.<br><br>Pagiging bolero ng mga karakter na lalaki sa KDramang ito.<br><br>Idinadaan ang problema sa mga biro at tawa.<br><br>Pagbibigay ng regalo sa babaeng niliĺigawan, tulad ng kwentas, bulaklak, o kaya'y matatamis na pagkain. |
| Tradisyon | Pagsusuot ng babaeng ikakasal ng kulay puting *Traje de Boda* o damit pangkasal.<br><br>Kapag may kaarawan, kinakailangan na mayroong *seaweed soup* na ihahanda sa taong nagdiriwang ng kanyang kaarawan.<br><br>Pagsusuot ng kulay itim na damit ng mga naiwan na pamilya at malapit na kamag-anak ng namatay sa araw ng burol o lamay.<br><br>Pag-aasikaso sa mga nakikiramay sa pamamagitan ng pagbibigay ng makakain.<br><br>Kapag sabay-sabay na kumakain ang pamilya buong pamilya, ang ama bilang "padre de pamilya" ay palaging nakaupo sa sentro ng mesa. | Pagsusuot ng babaeng ikakasal ng kulay puting *Traje de Boda* o damit pangkasal.<br><br>Kapag may kaarawan, kinakailangan na mayroong *seaweed soup* na ihahanda sa taong nagdiriwang ng kanyang kaarawan.<br><br>Kapag sabay-sabay na kumakain ang buong pamilya, ang ama bilang "padre de pamilya" ay palaging nakaupo sa sentro ng mesa.<br><br>Pagbibigay galang sa matatanda sa pamamagitan ng pagyuko sa kanila. | Pagsusuot ng babaeng ikakasal ng kulay puting *Traje de Boda* o damit pangkasal.<br><br>Pagbabayanihan<br><br>Inilalagay nila ang kanilang kanang kamay sa dibdib sa tuwing itinataas o di kaya'y ibinababa ang kanilang watawat bilang pagpapakita ng pagmamahal at respeto sa kanilang watawat.<br><br>Naghahanda ng pagkain tuwing anibersaryo ng pagkamatay nung namatay, madalas ang inihahanda ay iyong paboritong pagkain ng namayapa. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Paniniwala | May paniniwala sila na kapag isinulat mo ang pangalan ng taong mahal mo sa puno ay kayo raw ang magkakatuluyan.<br><br>Paghiling sa bulalakaw o *falling stars* | Paghiling sa bulalakaw o *falling stars* | Kapag ikaw raw ay pumunta sa isang lugar at gusto mo uli makabalik roon, kinakailangan mo lang kumuha ng bato sa lugar na iyon, at kapag nagkatotoo na nakabalik ka, ibalik mo raw ang bato sa lugar na iyon at magsambit ng isang kahilinagn at ito'y magkakatotoo.<br><br>Paghiling sa bulalakaw o *falling stars* |
| Pamahiin | Kapag ang isang tao raw ay mataba ang "*earlobe*" senyales raw ito na yayamanin o yayaman siya.<br><br>Kapag nahulog ang litrato ng isang pamilya na nakalagay sa isang *picture frame* ng hindi sinasadya at nabasag may mangyayaring hindi maganda sa isa sa miyembro ng pamilya o sa buong pamilya.<br><br>Bawal magkaroon ng relasyon ang magkamag-anak o magkapatid, dahil parusang kamatayan ang maghihintay para rito. | Bawal makita ng lalaking ikakasal ang kanyang babaeng mapapangasawa na suot ang damit pangkasal dahil baka daw hindi matuloy ang kasal. | Bawal daw po magsabi ng "*good luck"* sa isang taong dahil kabliktaran daw nun ang mangyayari.<br><br>Kapag nakakita ng mga itim na uwak na nagsisiliparan sa kalangitan, mayroong delubyo na mangyayari. |

*Kasangkapan.* Sa pagsusuring isinagawa lumabas na sa tatlong (3) KDramang sinuri ng mga mananaliksik sa Kdrmang *Endlesslove: Autumn in My Heart* lamang nakakitaan ng mga mananaliksik ng pagkakatulad sa kasangkapan. Ito ay ang paggamit ng palayok sa kanyang pagluluto ng ina ng bidang babae na karakter, si Eun-suh. Katulad sa kulturang Filipino, tradisyon na rin ng mga Pinoy ang pagluluto gamit ang palayok, kadalasan ay gingamit ang palayok sa pagluluto ng paksiw at pakbet naman ng mga taga-Ilocos.

*Pagkain.* Sa pagkain naman, lumabas sa pagsusuri na kagaya ng mga Filipino hindi mawawala sa hapag-kainan ng mga Koreano ang kanin. Kagaya rin ng mga Filipino mahilig din ang mga Koreano sa mga inihaw na pagkain gaya ng *barbecue* o kung tawagin sa kanila ay "*samygeup"*. Lumutang rin sa pagsusuri na mahihilig din ang mga Koreano sa mga binuburo o binurong pagkain upang gawing sangkap sa kanilang mga lutuin. Mayroon din silang isang putahe na kung tawagin nila ay *Samgyetang (Korean/Chinese) Ginseng Chicken Soup*. Ang pagkaing ito ay nakita sa KDramang *Descendants of the Sun* na kung saan ay isa ito sa mga pagkaing inihain ng isang kusinerong sundalo para sa pagsalubong sa mga bisitang boluntaryong doktor. Ang pagkain *Samgyetang* ay kahalintulad ng 'tinolang manok' ng mga Filipino. Kagaya ng tinolang manok, ang *Samgyetang* ay may sabaw rin at mga gulay, ang kaibahan nga lang ay buong nilutuo ang manok at may sangkap itong *ginseng* (isang uri ng pampalasa na kadalasan ay matatagpuan lamang sa mga kagubatan ng Tsina at Korea). Inihahanda lamang ang putaheng ito kapag malamig ang panahon o di kaya ay may ipinagdiriwang na okasyon.

Sa talahanayan, makikita ang mga datos na nasuri ng mga mananaliksik sa ikalawang pangkat – di materyal na kultura. Lumutang sa pagsusuring ito ng mga mananaliksik ang apat sa mga kulturang koreano na may kahalintulad sa kulturang Filipino, ito ay ang Kaugalian, Tradisyon, Paniniwala, at Pamahiin.

*Kaugalian.* Ang kaugalian ay tumutukoy sa moralidad, kabutihang asal, wastong kagawian at kahalagahang personal na kadalasan ay makikita sa isang tao sa araw-araw niyang pakikisalamuha. Sa tatlong KDrama na sinuri ng mga mananaliksik ang ilan sa mga kaugaliang lumutang sa pag-aaral na ito ay may kahalintulad sa kaugalian ng mga Filipino. Makikita sa sumusunod na diyalogo at/o linya mula sa mga sinuring KDrama ang ilan sa mga manipistasyon ng paghahalintulad sa mga kaugalian ng Korean at Filipino: Ang kaugaliang *Ang ama ay mahigpit sa kanyang anak na babae,*

*"Binabalaan kita Moira, hiwalayan mo si Srgt. So kung yaw mong tanggalin ko siya bilang sundalo.*

*Bakit ba nangingialam kayo sa amin papa, mahal na mahal ko yung tao at mahal na mahal niya ako, hindi ba pwede na maging masaya nalang kayo sa akin papa huhuhu…*

*Anak, para sa iyo ang ginagawa kong ito, para ito sa kapakanan mo. Maiintindihan mo rin ako balang araw."*

Lumutang din sa pagsusuri ng mga mananaliksik ang mga kaugaliang gaya nang: *Ginagawang pambayad utang ang anak na babae.Paglalaro ng "Bato, Gunting at Papel" o "Jack 'em Poy". Pagbibigay ng lalaki ng regalo sa babaeng nililigawan, tulad ng kwentas, bulaklak, at matatamis na pagkain gaya ng tsokolate. Pagdadala ng pasalubong kapag bibisita sa mga biyenan. Pangungutang ng pera. Pagtanaw ng utang na loob. Pagbibigay tulong sa isang tao kahit hindi kilala. Panglilibre o pagpapakain sa mga kaibigan at katrabaho kapag nakakatanggap ng promotion o parangal. Pagkakaroon ng salo-salo sa pagitan ng magkakatrabaho kapag may okasyon. Pagkakaroon ng inuman kapag may okasyon o kaya'y may problema ang isang kaibigan. Ipinagmamalaki ang mga likha o gawa ng isang kababayan. Pakikipagkamay sa bagong kakilala o kaibigan. Pagsasaalang-alang ng sariling kaligtasan o kapakanan para sa kaligtasan ng iba. Pagkakaroon ng padespedida kapag may isang kasamahan sa trabaho ang aalis na. Paggamit sa kapangyarihan o estado sa buhay upang makuha o makamit ang ninanais. Pagsasambit ng mga pick-up lines. Bawal magsama ang isang babbe at lalaki na wala naman daw namamagitang relasyon sa dalawa. Pakikipagpustahan. Ang ama ay mahigpit sa kanyang anak na babae. Pagsisinungaling para sa kapakanan ng iba. Pagiging bolero ng mga karakter na lalaki sa KDramang ito* at *Idinadaan ang problema sa mga biro at tawa.* Ilan lamang sa mga kaugaliang Koreano na sumasalamin o kahalintulad sa mga kaugaliang Filipino.

*Tradisyon.*Ang tradisyon ay ang koleksiyon ng mga paniniwala, opinyon, kustoms, doktrina, mga kuwento, alamat, kultura at pamantayang panlipunan na karaniwang isinasalin mula sa isang henerasyon papunta sa isa pa (brainly.ph, 2014). Sa pagsusuring isinagawa sa pag-aaral na ito lumutang ang ilang tradisyong Koreano na nakita sa tatlong (3) KDrama na kahalintulad sa mga tradisyong Filipino. Makikita sa sumusunod na diyalogo at/o linya mula sa mga sinuring KDrama ang ilan sa mga manipistasyon ng paghahalintulad sa mga kaugalian ng Korean at Filipino: Ang tradisyong *Naghahanda ng pagkain tuwing anibersaryo ng pagkamatay nung namatay, madalas ang inihahanda ay iyong paboritong pagkain ng namayapa,*

*"Medyo curious lang ako para saan ba ang mga pagkaing iyon?*

*Para sa memorial rites, first death anniversary mo ngayon kaya naghanda ako ng mga paborito mong pagkain, akala ko kasi patay kana.*

*Ganun ba? Eh para sa akin naman pala yan eh… edi kakainin ko na ngayon lahat yan, sakto gutom na ako. Hahaha…"*

Lumutang din sa pagsusuri ang isa sa mga tradisyunal na pagkain ng mga Koreano na inihahanda kapag may kaarawan ang isang tao sa kanilang bansa, ito ay ang *seaweed soup*. Ang tradisyunal na paghahanda ng *seaweed soup* ay tuwing may kaarawan ang isang tao sa kanilang bansa, na halos kahalintulad rin sa tradisyunal na paghahanda ng mga Filipino ng pansit tuwing may kaarawan ang isang tao sa bansang Filipinas. Naniniwala kasi ang mga Koreano na ang paghahanda ng *seaweed soup* paraisang taong nagdiriwang ng kanyang kaarawan ay sumisimbolo ng pagkakaroon ng magandang kalusugan at mahaba-haba pang buhay, na halos kahalintulad sa paniniwala ng mga Filipino sa paghahanda ng pansit. Kung saan naniniwala ang mga Filipino na ang paghahanda ng pansit ay sumisimbolo sa mas mahabang buhay.

Lumutang din sa pagsusuri ng mga mananaliksik sa tatlong KDramang nabanggit: *Pagsusuot ng babaeng ikakasal ng kulay puting Traje de Boda o damit pangkasal. Pagsusuot ng kulay itim na damit ng mga naiwan na pamilya at malapit na kamag-anak ng namatay sa araw ng burol o lamay. Pag-aasikaso sa mga nakikiramay sa pamamagitan ng pagbibigay ng makakain. Kapag sabay-sabay na kumakain ang pamilya buong pamilya, ang ama bilang "padre de pamilya" ay palaging nakaupo sa sentro ng mesa. Pagbibigay galang sa matatanda sa pamamagitan ng pagyuko sa kanila* at *Pagbabayanihan.*

Napag-alaman rin sa pagsusuri rin ng mga mananaliksik sa tradisyung Koreano ang paraan ng pagbibigay nang respeto ng mga Koreano tuwing itinataas at ibinababa nila ang kanilang pambansang watawat ay *inilalagay ng mga Koreano ang kanilang kanang kamay sa dibdib*. Kung saan ay kahalintulad na kahalintulad ito sa mga Filipino.

*Paniniwala.* Ito ay tumutukoy sa paniniwala ng mga tao sa mga kakaibang pangyayari na nagaganap sa kanilang kapaligiran at pagbibgay pagpapakahulugan sa mga kilos o gawi ng kanilang kapwa. Sa pagsusuring ginawa ng mga mananaliksik sa mga kulturang makikita sa tatlong (3) KDrama na nabanggit, lumutang sa pag-aaral na parte ng kultura ng mga Koreano ang pagkakaroon nila ng ilang mga paniniwala na halos kahalintulad sa paniniwala ng mga Filipino. Makikita sa sumusunod na diyalogo at/o linya mula sa mga sinuring KDrama ang ilan sa mga manipistasyon ng paghahalintulad sa mga kaugalian ng Korean at Filipino: Ang paniniwalang *Paghiling sa bulalakaw o falling stars,*

*"What did you wish?*

*No, I won't tell.*

*Why?*

*Because if I will tell you my wish might not happen.*
*Is that so? Okay."*

Lumutang sa bahagi ng pagsusuring ito ang ilang paniniwala na makikita sa mga nabanggit na KDrama gaya ng sumusunod: *May paniniwala sila na kapag isinulat mo ang pangalan ng taong mahal mo sa puno ay kayo raw ang magkakatuluyan* at *Kapag ikaw raw ay pumunta sa isang lugar at gusto mo uli makabalik roon, kinakailangan mo lang kumuha ng bato sa lugar na iyon, at kapag nagkatotoo na nakabalik ka, ibalik mo raw ang bato sa lugar na iyon at magsambit ng isang kahilinagn at ito'y magkakatotoo.* Ang mga paniniwalang ito ay halos kahalintulad rin sa mga ilang paniniwla ng mga Filipino, gaya na lamang nang paghiling sa bulalakaw at ito ay magkakatotoo. Napag-alaman ng mga mananaliksik na likas rin sa mga Koreano pagkakaroon ng ilang paniniwala na kung saan ito ay nagsisilbi nilang gabay sa araw-araw na pamumuhay.

*Pamahiin.* Ang pamahiin ay mga kasabihan ng mga matatanda na maaring may kinalaman sa mga paniniwala, kultura at maging sa aspetong panrelihiyon. Ang mga pamahiin ay sabi-sabi lamang at maari ding walang katotohanan. Ang panghuling kultura ng mga Koreano na kahalintulad sa kulturang Filipno na lumutang sa pagsusuri ng mga mananaliksik ay ang paniniwala sa pamahiin. Ang ganitong kultura ay masasabing kahalintulad sa kultura ng mga Filipino, sapagkat likas rin sa mga Filipino ang pagkakaroon ng pamahiin sa halos lahat ng aspeto ng kanilang pamumuhay. Makikita sa sumusunod na diyalogo at/o linya mula sa mga sinuring KDrama ang ilan sa mga manipistasyon ng paghahalintulad sa mga kaugalian ng Korean at Filipino: Ang pamahiin na *Bawal makita ng lalaking ikakasal ang kanyang babaeng mapapangasawa na suot ang damit pangkasal dahil baka daw hindi matuloy ang kasal,*

*"Dad, can I see Ji-eun before our wedding starts?*
*Young-jae!*
*Grandma…*
*You moron! You're not allowed to see Ji-eun or even the slightest part of her shadow of your bride especially wearing her gown while the wedding ceremony is not yet starting or else your wedding will not be happening.*
*Really?*
*(deep breath) Idiot!*

Ang mga sumusunod na pamahiin ay lumutang din sa isinagawang pagsusuri ng mga mananliksik sa tatlong KDrama na nabanggit gaya ng: *Kapag ang isang tao raw ay mataba ang "earlobe" senyales raw ito na yayamanin o yayaman siya. Kapag nahulog ang litrato ng isang pamilya na nakalagay sa isang picture frame ng hindi sinasadya at nabasag may mangyayaring hindi maganda sa isa sa miyembro ng pamilya o sa buong pamilya. Bawal magkaroon ng relasyon ang magkamag-anak o magkapatid, dahil parusang kamatayan ang maghihintay para rito. Bawal daw po magsabi ng "good luck" sa isang taong dahil kabliktaran daw nun ang mangyayari* at *Kapag nakakita ng mga itim na uwak na nagsisiliparan sa kalangitan, mayroong delubyo na mangyayari.*

Napag-alaman ng mga mananaliksik na likas rin sa mga Koreano ang pagkakaroon ng pamahiin, sapagkat naniniwala sila na sa tulong ng mga pamahiing ito ay makatutulong ito sa kanila bilang gabay sa pakikisalamuha sa kapwa at pang-araw-araw na pamumuhay.

## IV. KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga datos na nalikom, nabuo ng mga mananaliksik ang konklusyon na sinasalamin mga kinahihiligang KDrama ang ilang mga kulturang Koreano at ang ilan sa mga kulturang ito ay hawig o makikita rin sakulturang Filipino gaya sa tradisyon, kaugalian, pamahiin at maging sa paniniwala.

Batay sa mga natuklasan, inererekomenda ng mga mananaliksik na gawing kapaki-pakinabang at makabuluhan ang panonood ng mga Koreanong palabas o KDrama sapamamagitan ng pagsasanib ng multikultural na oryentasyon sa mga akademikong gawain upang magkaroon ng mas malawak na kaalaman at pagpapahalaga ang kasalukuyang henerasyon tungkol sa mga kulturang mapapanood sa mga tinatangkilik na KDrama at hindi upang tuluyang talikuran o kalimutan ang sariling kulturang kinamulatan.

## SANGGUNIAN


[1] Brian Carlo, J. (2018). Ano ang Kultura? Kahulugan | Elemento| Kahalagahan. Retrieve from https://www.pinoynewbie.com/ano-ang-kahulugan-kultura-elemento-uri/

[2] Lim, D. (2014). Kulturang pilipino- ang daanan ng pag-unlad. (Wordpress).

[3] Cabato, J.U. (2016). A partial ethnography of Asian soap opera viewers of Meteor Garden, Lavender, and Endless Love. Graduate School dissertation, University of the Philippines, Manila, Philippines.

[4] Mina, L. (2017). Pagtalakay Sa Nasyong Nilamon Ng istema Ng KDrama. Retrieved from https://www.scribd.com/document/367921917/Pagtalakay-Sa- Nasyong-Nilamon-Ng-Sistema-Ng-KDrama

[5] Fabular, K. R. (2108). Bakit Nga Ba Maraming sa mga Pilipino ang nahuhumaling sa K-Drama at K-Pop? Retrieved from http://krlfab.blogspot.com/2018/02/bakit-nga-ba-maraming-sa-mga-pilipino.html

[6] Portillo, G. (2018). Simbolismo, isyung panlipunan at teoryang pampanitkan sa mga piling indie film sa Pilipinas: munkahing gabay ng pagtuturo. Di-nalathalang Disertasyon, University of Bohol, Tagbilaran City, Bohol, Philippines.

[7] Forrester, C. (2005). Hot drama and convergence boost Korean broadcast market. IBE: International Broadcast Engineer, 16-18.

[8] Wang, K. (2006). Move over, telenovelas: Korean dramas our next. Television Week, 25 (46), 14.

[9] Cervantes, M.F.C.V. (2006). A comparative study on the Filipino telenovela Sa Piling Mo and the koreanovela My Girl. Undergraduate Thesis, University of the Philippines, Philippines.

[10] The Freeman (2016). Hallyu wave: Rise of Korean culture in the Philippines. Retrieved from https://www.philstar.com/the-freeman/cebu-lifestyle/2016/04/19/1574787/hallyu-wave-rise-korean-culture-philippines#sgz1B15hrVTq7dIq.99

[11] Arayata, M. C. (November 18,2018). Philippine News Agency. Korean pop culture continues to capture Filipinos' hearts. Retrieve from https://www.pna.gov.ph/articles/1054208

[12] Ball-Rokeach, S. J., & DeFleur, M.L. (1976). A dependency model of mass media effects. Communication Research, 3, 3-21.

[13] Straubhaar, J. D. (18 May 2007). Dependency of Third world Media. SAGE Publication.

[14] Agbayani, J. C., Borillo, M. C., Colmo, M. C., Eliang, M. J., Lorzano, J., Mardo, J., Pasno, A. G. & Rodriguez, R. A. (2015). Epektong dulot ng k-pop sa personalidad ng mga piling mag-aaral ng politeknikong unibersidad ng pilipinas- sta. Mesa, maynila taong panuruan 2014-2015: isang pag-aaral. Polytechnic University, Manila, Philippines.

[15] Notedfiles.com. (06 Jan. 2014). Ways of respecting elders in Korea. Retrieved from http://www.notedfiles.com/2014/01/ways-of-respecting-elders-in-korea.html

[16] Encyclopedia of Science Learning. (2012). Intercultural Transformation. In: Seel N.M. (eds) Encyclopedia of the Sciences of Learning. Springer, Boston, MA. https://doi.org/10.1007/978-1-4419-1428-6_4467